



Bay REPAIR (Muling Pamumuhunan ng Mga Multa para sa Pagpapabuti ng Hangin at Katatagan)

Pondo para sa mga Benepisyo ng Lokal na Komunidad

Round 1 - Panawagan para sa mga Proyekto:
Richmond at mga Karatig na Komunidad

Distrito ng Hangin ng Bay Area
Enero 14, 2026



BACKGROUND

Background

Itinakda ng Distrito ng Hangin ng Bay Area ang Patakarang sa mga Pondo mula sa Multa para sa Benepisyo ng Komunidad para direktang suportahan ang mga komunidad na matinding naapektuhan ng polusyon sa hangin. Kapag natasa na ang mga multa para sa mga entity na lumalabag sa mga regulasyon sa kalidad ng hangin, nagbibigay-daan ang patakarang ito na maipuhunan ulit ang pondo mula sa multa nang direkta sa mga komunidad sa pamamagitan ng mga proyektong malaki ang magiging epekto.

Ang pondo mula sa multa at iba pang pondo mula sa mga aksiyon sa pagpapatupad ay pinapangasiwaan sa pamamagitan ng programang Bay REPAIR (Reinvesting Penalties for Air Improvement and Resilience), at inilalaan sa Pondo para sa mga Benepisyo ng Lokal na Komunidad o sa Pondo para sa mga Benepisyo ng Komunidad ng Rehiyon.

Bukod sa mga multa, kung minsan ang mga lumalabag ay nangangakong magbibigay ng pondo para sa pagpapagaan ng epekto para pondohan ang mga proyektong magpapagaan sa mga mapaminsalang epekto na dulot ng kanilang mga emisyon bilang bahagi ng paglutas ng kanilang mga paglabag. Halimbawa, noong 2024, ang Chevron USA, Inc., ay nangako na popondohan ang Pondo para sa Kalidad ng Hangin ng Komunidad ng Richmond para mapagaan ang mga potensyal na emisyon ng particulate matter sa planta ng Chevron Richmond na paglabag sa Panuntunan 6-5 ng Distrito ng Hangin. Pinapangasiwaan ng Distrito ng Hangin ang pondong ito para sa pagpapagaan sa pamamagitan ng Pondo para sa mga Benepisyo ng Lokal na Komunidad, ngunit napapailalim ang mga ito sa ilang partikular na karagdagang limitasyon na hindi nalalapat sa mga perang mula sa multa sa Pondo para sa mga Benepisyo ng Lokal na Komunidad.

Ang Pondo para sa mga Benepisyo ng Lokal na Komunidad ay muling ipinupuhunan sa partikular na komunidad na apektado ng mga paglabag sa kalidad ng hangin na nagresulta sa multa. Maaari ring mamuhunan ang Pondo para sa mga Benepisyo ng Lokal na Komunidad ng pondong para sa pagpapagaan na mas limitado ang saklaw (hal., Pondo para sa Kalidad ng Hangin sa Komunidad ng Richmond).

Ang Mga Layunin ng Programa ng Pondo para sa mga Benepisyo ng Lokal na Komunidad ay:

- Mabawasan ang polusyon sa hangin o mapagaan ang mga epekto nito, mapabuti ang pampublikong kalusugan, at mapatatag ang ekonomiya para sa isang makatarungang paglipat mula sa mapaminsalang epekto ng ekonomiyang nakadepende sa fossil fuel.



- Maisulong ang pinagsama-samang mga proyekto para holistikong matugunan ang mga pangangailangan ng komunidad.
- Mapaigting ang mga solusyong pinangungunahan ng komunidad at sama-samang isinasagawa.

Ang Panawagan para sa mga Proyekto na ito ay humihiling ng mga panukalang proyekto mula sa mga kwalipikadong applicant sa Richmond at mga karatig na komunidad. Sumangguni sa Mga Alituntunin sa Pondo para sa mga Benepisyo ng Lokal na Komunidad para sa pangkalahatang impormasyon tungkol sa gawad.

Pinagkukunan ng Pondo

\$35,744,460 ang kabuuang available para sa Richmond at mga karatig na komunidad, na mula sa mga sumusunod na pinagkukunan ng pondo. Maaaring baguhin ang tantya ng pagpopondo na ito para maisaalang-alang ang anumang naipon na interes.

Hindi kailangang tukuyin ng mga applicant ang isang partikular na mapagkukunan ng pondo kapag nagsusumite ng kanilang mga aplikasyon; tutukuyin ng mga kawani ang naaangkop na mapagkukunan ng pondo batay sa saklaw ng mga proyektong napili para sa pondo. Gaya ng inilalarawan sa ibaba, mas mahigpit ang Pondo para sa Kalidad ng Hangin sa Komunidad ng Richmond. Kaya naman, ang mga proyekto na kwalipikadong pondohan ng Pondo para sa Kalidad ng Hangin sa Komunidad ng Richmond ay maaaring pondohan ng alinmang pinagkukunan ng pondo, at magkakaroon ng mas mataas na posibilidad na mapili dahil lang sa mas maraming pondo na available. Gayunpaman, malugod na tinatanggap ang lahat ng kwalipikadong panukala sa proyekto.

Background	Layunin ng Pagpopondo	Availability ng Pondo
Pinagmulta ng Distrito ng Hangin ang Chevron at ilan pang entity para sa mga paglabag sa kalidad ng hangin	Maaaring gamitin ang pondo mula sa multa para sa anumang proyekto na kwalipikado para sa pondo sa ilalim ng Mga Alituntunin ng Pondo para sa mga Benepisyo ng Lokal na Komunidad	\$15,744,460
Nangako ang Chevron na magbabayad sa isang Pondo para sa Kalidad ng Hangin sa Komunidad para mapagaan ang mga epekto ng mga potensyal na emisyon ng particulate matter na lumalabag sa Air	Ang Pondo para sa Kalidad ng Hangin sa Komunidad ng Richmond ay itinalaga para sa mga proyektong naglalayong mabawasan ang emisyon ng particulate matter sa paligid ng planta ng Richmond at mabawasan ang pagkakalantad sa	\$20,000,000



Panuntunan 6-5 ng Distrito ng Hangin (Mga Particulate Emission mula sa Mga Fluidized na Catalytic Cracking Unit ng Planta)	particulate matter para sa mga miyembro ng komunidad.	
		\$35,744,460

PAGIGING KWALIPIKADO

Mga Kwalipikadong Komunidad

Ang mga proyekto ay dapat na matatagpuan sa loob ng mga hangganan ng mga kwalipikadong komunidad.

Ang mga kwalipikadong komunidad ay ang mga matatagpuan sa loob ng lugar ng Plano sa Pagbabawas ng Mga Emisyon ng Komunidad (Community Emissions Reduction Plan, CERP) ng Landas Patungo sa Malinis na Hangin (Path to Clean Air, PTCA), na isang itinalagang Komunidad ng Assembly Bill 617. Ang lugar na Landas Patungo sa Malinis na Hangin ay binubuo ng isang bahagi ng Lungsod ng Richmond, San Pablo at ilang hindi kasamang lugar sa County ng Contra Costa kabilang ang Bay View, East Richmond Heights, Rollingwood, Tara Hills, Montalvin Manor, North Richmond, El Sobrante at mga bahagi ng Pinole.



Lugar ng Landas Patungo sa Malinis na Hangin (Richmond – North Richmond – San Pablo)




Figure 1: Mga komunidad na kwalipikado para sa pondo mula sa Pondo para sa Benepisyo ng Lokal na Komunidad

Ang hangganan ng CERP ng PTCA ay itinatag sa pamamagitan ng isang pormal na prosesong pampubliko sa ilalim ng Assembly Bill 617 (AB 617). Hinirang ng Distrito ng Hangin ng Bay Area ang lugar ng PTCA sa pakikipagtulungan sa mga stakeholder ng komunidad, at pinili ito ng Lupon ng Mapagkukunan sa Hangin ng California para sa pagbuo ng isang CERP. Kinilala ng pagtatalagang ito ang lugar ng PTCA bilang isa sa mga komunidad sa rehiyon na may pinakamatinding hindi proporsyonal na pasanin, na may pinagsama-samang epekto sa kalidad ng hangin at kaugnay na mga hindi pagkakapantay-



pantay sa kalusugan na lubhang mas mataas kaysa sa karaniwang antas sa Bay Area. Kapag ginamit ang hangganan ng PTCA, masisiguro na ang pondo ay naitutuon sa komunidad sa ilalim ng AB 617 na hayagang kinilala bilang may pinakamatinding pinagsama-samang pasanin at bilang pokus ng mga priyoridad sa pagbawas ng emisyon na pinapangunahan ng komunidad.

Ang hangganan ng PTCA ay sumasalamín din sa totoong realidad ng pagkakalantad at kahinaan sa kanlurang County ng Contra Costa. Ang heograpiya ay sumasaklaw sa mga bahagi ng Richmond at San Pablo pati na rin sa mga kalapit na hindi kasamang lugar tulad ng Bay View, East Richmond Heights, Rollingwood, Tara Hills, Montalvin Manor, North Richmond, El Sobrante, at mga bahagi ng Pinole. Ang mga komunidad na ito ay pinagsasalubungan ng mga pangunahing freeway (I-80 at I-580), mga ruta ng estado, mga linya ng riles, at mga pasilidad ng daungan, lahat ay malapit sa planta ng Chevron —ang pinakamalaking nag-iisang nakapirming pinagmumulan ng Particulate Matter 2.5 (PM_{2.5}) at sulfur dioxide sa imbentaryo ng mga emisyon sa buong komunidad. Ipinakita ng modelo na ang lokal na konsentrasyon ng PM_{2.5} ay pinakamataas sa hilagang-kanlurang lugar ng PTCA, kung saan pinakamalaki rin ang kahinaang sosyoekonomiko.

Ang hangganan ay sumasalamín din sa malaking hindi pagkakapantay-pantay sa kalusugan na sumasalamín sa pattern ng polusyon sa hangin ayon sa heograpiya. Sa mga komunidad ng PTCA, mas mataas ang rate ng mga pagbisita sa departamento ng emergency sa hika, mas mababa ang inaasahang haba ng buhay kumpara sa iba pang bahagi ng County ng Contra Costa, at nananatiling mataas ang rate ng mga sanggol na may mababang timbang kapag ipinanganak sa iba't ibang grupo ng lahi.

Pakibisita ang website ng [Tanggapan ng mga Pamumuhunan sa Komunidad](#) para sa online na mapa ng mga kwalipikadong komunidad.

Mga Pagkakaloob ng Gawad

Sinusuportahan ng Pondo para sa mga Benepisyo ng Lokal na Komunidad ang mga pinagsama-samang proyekto na nakakabawas ng polusyon sa hangin o nagpapagaan ng mga epekto nito, nagpapabuti ng pampublikong kalusugan, at nagpapatatag ng ekonomiya para sa isang makatarungang transisyon palayo sa mapaminsalang epekto ng isang ekonomiyang nakabatay sa fossil fuel. Kung may available na sapat na pondo, nakatuon ang Pondo para sa mga Benepisyo ng Lokal na Komunidad sa pagpopondo ng pinagsama-samang, mas malalaking gawad na may maraming proyekto na nagreresulta sa mas agarang mga benepisyo sa komunidad.



May \$35,048,752 na available na pondo ang Pondo para sa mga Benepisyo ng Lokal na Komunidad at ang Pondo para sa Kalidad ng Hangin ng Komunidad ng Richmond. Ang pondo ay ipapamahagi sa pamamagitan ng tatlong uri ng gawad.

	Seed	Opportunity	Catalyst
Availability ng Pondo	\$35,744,460		
Laki ng Gawad	\$100,000 - \$200,000 (1 - 5 pagkakaloob ng gawad ang inaasahan)	\$500,000 - \$5 milyon (1 - 5 pagkakaloob ng gawad ang inaasahan)	\$10 - \$15 milyon (1 – 3 pagkakaloob ng gawad ang inaasahan)
Termino ng Gawad	Hanggang 2 taon	Hanggang 3 taon	Hanggang 5 taon
Mga Kwalipikadong Applicant	Bukas sa 501(c)(3) mga non-profit na organisasyon, hindi nangangailangan ng Co-Applicant	Ang Lead Applicant ay dapat na may kasosyong kahit 1 Co-Applicant lang	Ang Lead Applicant ay dapat na may kasosyong maraming Co-Applicant
Mga Kwalipikadong Komunidad	Lugar ng Plano sa Pagbabawas ng Mga Emisyon ng Komunidad ng Landas Patungo sa Malinis na Hangin		